SENATE
OFFICE OF THE SECRETARY
6 FEB -6 P6:08
RECEIVED BY:

IKALABING TATLONG KONGRESO NG REPUBLIKA)
NG PILIPINAS )
Pangalawang Regular na Sesyon )

S E N A D O

P. S. Res. No. 435

Panukala ni Senator Manuel "Lito" M. Lapid

RESOLUSYON

NAGHIHIMOK SA KAPULUNGAN NG SENADO NA MAGPAHIWATIG NG PAKIKIRAMAY SA LAHAT NG BIKTIMA NG TRAHEDYA NA NAGANAP SA PAGDIRIWANG NG ANIBERSARYO NG ISANG PALABAS SA TELEBISYON SA PHILSPORT ARENA, SIUDAD NG PASIG NOONG NAKARAANG IKA-4 NG PEBRERO 2006 NA IKINASAWI NG 74 KATAO AT NAGDULOT NG PAGKASUGAT NG 400 IBA PA

**SAPAGKAT,** ilang araw bago idaos ang pagdiriwang ng ika-unang anibersaryo ng programang "WOWOWEE" sa Philsport Arena (dating ULTRA), siyudad ng Pasig, libu-libong mga taong nanggaling sa iba't ibang bahagi ng bansa ang dumagsa at nanatili sa labas ng arena sa layuning magkaroon ng pagkakataon na makapasok sa gusali at makakuha ng libreng tiket para sa paripahan;

**SAPAGKAT,** noong umaga bago magsimula ang naturang programa, isang kaguluhan dulot ng pagpapanakbuhan ng mga tao na nagnanais makibahagi sa mga pa-premyong ipinangako sa palabas ang kumitil sa 74 katao at nagdulot ng pagkasugat ng 400 na iba pa;

**SAPAGKAT,** ang mga biktima, na karamihan ay kinabibilangan ng mga kabataan, matatanda at kababaihan, ay dumalo sa okasyon sa pagbabakasakaling palarin na manalo sa premyong ipamamahagi ng nasabing programa, tulad ng pera, bahay at lupa, sasakyan at iba pang bagay na makatutulong sa pangkabuhayan;

**SAPAGKAT,** ang mapait na sinapit ng mga mahihirap nating kababayan na nangarap gumaan ang buhay sa pamamagitan ng pagsali sa mga palaro sa programang pang telebisyon ay sumasalamin sa marubdob na pagnanais ng marami nating mga kababayan na takasan ang hirap ng buhay.

**KAPASIYAHANG IPINASISIYA,** na naghihimok sa kapulungan ng Senado na magpahiwatig ng pakikiramay sa lahat ng biktima ng trahedya na naganap sa pagdiriwang ng anibersaryo ng isang palabas sa telebisyon sa Philsport Arena, siudad ng Pasig noong nakaraang ika-4 ng Pebrero 2006 na ikinasawi ng 74 katao at nagdulot ng pagkasugat ng 400 iba pa.

**MANUEL "LITO" M. LAPID**
Senador